



Ang Nobela ni Ester

Mas makatotohanang nobela ang aklat ni Ester kaysa maraming aklat ng kasaysayan. Kung kathang-isip man ang mga pangyayari, nalalahad naman sa mga ito ang dalamhati, sama ng loob at pag-asa sa mga dantaong nagkawatak-watak at pinag-usig ang mga Judio. Pagkatakot sa mga pagano, paghamak sa mga di-nakakakilala sa Diyos, walang tigil na pagsisikap na mamabuti ng mga nasa kapangyarihan, walang humpay na pagsamo sa Diyos na hindi makapapayag na maglaho ang kanyang bayan, paghihintay sa araw ng paghihiganti sa kanilang mga kaaway para sa higit na luwalhati ng kanilang Diyos.

Sa panahong hindi pa nalalaman ang ebanghelyo, binibigyang-diin ng Aklat ni Ester ang katapatan ng Diyos sa kanyang salita: kailangang manatili ang sambayanang Judio hanggang sa pagdating ni Jesus.

May kaugalian ang mga Judio na magregalo at magpiyesta sa *mga araw ng Purim*. Sa kaugaliang ito nakaugat ang nobela at binibigyang-katwiran nito ang piyestang ito sa pagsasalaysay sa pag-uusig na naligtasan ng mga Judio, salamat sa pamamagitan nina Ester at Mardoqueo nang araw ring iyon. Pansinin natin ang pagtukoy ng Mac 12:36 sa araw ni Mardoqueo; talagang may kaugnayan ang tagumpay ng mga Judio at ang isinasalaysay sa Aklat ni Ester.

Makikita nating bagamat napaka-Judio ng Aklat ni Ester, makabuluhan pa rin ito sa mga Kristiyano ngayon na inuusig at halos di-pinahihintulutan sa maraming lugar.

Ang Aklat ni Ester

Sa Bibliang Griyego, ang Aklat ni Ester ay may mahahalagang teksto – ang pinakamaganda – na hindi natatagpuan sa Bibliang Hebreo. May ilang naniniwala na idinagdag ang mga bahaging ito sa Bibliang Griyego. Ngunit iniisip naman ng iba na mas malapit sa kaunahang sipi ang tekstong Griyego; at pagkaraa’y inalis sa Bibliang Hebreo.

Inilalagay natin sa *mga letrang pahilig* ang mga bahaging nasa Bibliang Griyego lamang.

Ang panaginip ni Mardoqueo

11 ¹Nang unang araw ng Nisan, noong ikalawang taon ng paghahari ni Asuero, ang Dakila, ay nangarap si Mardoqueo, anak ni Yair at apo ni Semei na anak naman ni Kis, sa tribu ng Benjamin. ²Mahalagang tao si Mardoqueo na isang Judiong naninirahan sa Susa at ministro sa korte ng hari. ³Isa siya sa mga bihag na ipinatapon ni Nabucodonosor, hari ng Babilonia, mula sa Jerusalem, kasama ng hari ng Juda na si Yeconias.

⁴Ganito ang pangarap. Narinig sa lupa ang sigawan at kaingayan, dagundong ng mga kulog at lindol at kaguluhan. ⁵Dumating ang dalawang malalaking dragon na kapwa handa sa paglalaban. Kakila-kilabot ang kanilang atungal, ⁶at pagkarinig niyon ng mga bansa naghanda silang lahat sa pakikidigma laban sa bansa ng mga banal. ⁷At nagkaroon ng isang araw ng karimlan at kapanglawan, paghihirap at kapighatian, kabuktutan at malaking pagkaligalig sa sangkalupaan. ⁸Nabalisa ang lahat sa bansa ng mga makatarungan na natatakot sa nagbabantang mga kasamaan at nahahanda nang malipol. ⁹Ngunit tumawag sila sa Diyos, at nanggaling sa tawag nila na gaya ng sa isang munting bukal ang isang malaking ilog na may bumabahang tubig. ¹⁰Nagliwanag sa pagsikat ng araw; itinaas ang mga aba at nilamon nila ang mga makapangyarihan.

¹¹Nagising si Mardoqueo. Pinag-isipan niya ang pangarap at kung ano ang nais na gawin ng Diyos. Hanggang gabi'y sinikap niyang unawain ang kahulugan ng panaginip.

12 ¹Nagpahinga si Mardoqueo sa patyo, kasama nina Bigtan at Teres, mga bantay sa palasyo at eunuko ng hari. ²Narinig ni Mardoqueo ang dalawa na nagpapanukala. Nagsiyasat siya at natuklasan niya ang isang pakana na patayin si Asuero. Nagsumbong siya sa hari. ³Ipinasiyasat ni Asuero ang dalawang eunuko, na umamin sa pagkakasala kung kaya hinatulan ng kamatayan.

⁴Ipinasulat ng hari ang mga pangyayaring ito upang maalaala, at si Mardoqueo mismo ang sumulat. ⁵Hinirang din ng hari si Mardoqueo na maging tagapangasiwa sa palasyo at ginantimpalaan siya sa kanyang mga ginawa.

⁶Ngunit si Aman na anak ni Amedatang Agagita at isa pa ring pinagkakatiwalaan ng hari ay nagbalak na ipahamak si Mardoqueo at ang mga kababayan nito dahil sa sinapit ng dalawang eunuko.

1 ¹Ito ang nangyari sa kapanahunan ni Asuero. Iyang si Asuero ang may nasasakupang kaharian na ang mga hangganan ay buhat sa India hanggang Etiopia at binubuo ng sandaan dalawampu't pitong probinsya. ²Noong nakaupo siya sa kanyang trono sa Susa, ³sa ikatlong taon ng kanyang paghahari, ay naghandog siya ng pagdiriwang para sa lahat niyang pinuno at lingkod na mga punong-kawal ng Persia at Media, mga mahal na tao at gobernador ng mga probinsya. ⁴Sa loob ng sandaan at walumpung araw, ipinakita niya sa kanila ang kayamanan ng kanyang imperyo at ang karingalan ng kanyang pagkahari.

⁵Sa pagwawakas ng pagdiriwang, naghanda siya ng isang piging sa halamanan ng palasyo para sa lahat ng mamamayan ng Susa, dakila o hamak man, sa loob ng pitong araw. ⁶May mga puting kurtina at mga bughaw na palawit na nakakabit sa mga nilubid na pinong lino at purpura na nakasabit sa mga argolyang pilak at nakatali sa mga haliging marmol. Nakahalayhay ang mga ginintuan at pinilakang upuan sa sahig na yari sa porpiro, marmol na puti, nakar at mga batong may kulay. ⁷Nasa mga kopang ginto ang inuming idinudulot, (at iba't iba ang mga kopa); at masaganang dumadaloy ang alak, na marapat lamang sa kagandahang-loob ng isang hari. ⁸Malayang makaiinom ang bawat isa ayon sa sariling kagustuhan; sapagkat tinagubilinan ang lahat ng katulong na idulot sa bawat isa ang anumang nais nito.

⁹Naghahanda rin ng piging si Reyna Vasti para sa lahat ng babae sa palasyo ni Haring Asuero.

¹⁰Lango na nang ikapitong araw, iniutos ng hari sa kanyang pitong eunuko – sina Mahuman, Bizta, Harbona, Bigta, Abagta, Zetra, at Karkas – ¹¹na sunduin si Reyna Vasti. Gusto niyang iharap ito sa kanya na suot ang korona, upang ipakita sa mga pinuno at mga taong-bayan ang kagandahan ng reyna. Napakaganda nga nito. ¹²Ngunit tumanggi si Reyna Vasti, bagay na lubhang ikinagalit ng hari.

¹³Sumangguni ang hari sa mga pantas sa batas at katarungan, sapagkat kinaugaliang ang mga suliranin ng hari ay pag-usapan sa harap ng mga dalubhasa sa mga gawaing pambatasan at panghukuman. ¹⁴Ipinatawag niya ang pitong prinsipal ng Persia at Media na nakakalapit sa kanya at nangunguna sa kaharian – sina Karsena, Setar, Admata, Tarsis, Meres, Marsena at Memukan. ¹⁵Itinanong niya sa kanila: “Alinsunod sa batas, ano ang marapat gawin kay Reyna Vasti sa hindi niya pagtalima sa utos ng hari na ipinahatid sa pamamagitan ng mga eunuko?”

¹⁶ Sa harap ng hari at mga prinsipe, tumugon si Memukan: "Hindi lamang sa hari nagkasala si Reyna Vasti kundi sa lahat ng prinsipe at sa sambayanang nasa lahat ng probinsya ni Haring Asuero. ¹⁷ Mababatid kaagad ng mga babae ang nangyari, kung kaya hahamakin nila ang kani-kanilang asawa at sasabihing: 'Ipinasundo ni Haring Asuero ang kanyang asawa upang iharap sa kanya, ngunit hindi iyon dumating.' ¹⁸ Nalaman na iyon ng mga pangunahing ginang ng Persia at Media, kaya hahamakin nila ang kani-kanilang asawa na mga pinuno naman ng kaharian. Patuloy na lalaganap ang ganyang kawalang-pitagan. ¹⁹ Kaya, kung mamarapatin ng hari, dapat magkaroon ng isang di-mababagong kautusang isusulat na kasama ng mga batas ng Persia at Media, na nagtatakdang kailanman ay hindi na makahaharap pa si Vasti kay Haring Asuero, at ang hari ay may karapatang humirang ng ibang reynang higit na karapat-dapat. ²⁰ Kapag naipahayag ang kautusang ito ng hari sa buong nasasaklaw ng kanyang malawak na kaharian, igagalang ng lahat ng babae ang kani-kanilang asawa, mula sa pinakahamak hanggang sa pinakadakila."

²¹ Nasiyahan ang hari at ang kanyang mga pinuno, kaya ipinatupad ang mungkahi ni Memukan. ²² Nagpadala ang hari ng mga sulat sa lahat ng panig ng kaharian, sa bawat probinsya ayon sa kanya-kanyang katitikan at sa bawat bayan ayon sa kanya-kanyang wika, upang maging panginoon sa sariling bahay ang tanang lalaki.

2 ¹ Pagkatapos ng mga pangyayaring ito, humupa ang galit ni Haring Asuero at nalala niya ang pagsuway ni Vasti at ang kanyang kautusan ukol dito. ² Nagpayo ang mga kasangguni ng hari: "Dapat na pumili ng magaganda't batang babae para sa hari. ³ Humirang nawa ang hari ng mga tauhan sa lahat ng probinsya ng kanyang kaharian upang pumili ng magagandang dalaga na dadalhin sa Bahay ng mga Babae, sa napapaderang lunsod ng Susa. Pangangalagaan ang mga ito ng eunukong si Hegue, na tagapag-alaga ng mga babae at bibigyan ng mga gamit sa pagpapaganda. ⁴ Ang dalagang magugustuhan ng hari ang mahalili kay Vasti bilang reyna." Nasiyahan ang hari sa mungkahi at ipinatupad niya iyon.

⁵ Nang panahong iyon ay naninirahan sa napapaderang lunsod ng Susa ang isang Judiong nagngangalang Mardoqueo, anak ni Yair at apo ni Semei na anak naman ni Kis, isang Benjaminita ⁶ na ipinatapon mula sa Jerusalem kasama ng mga bihang at ni Haring Yeconias ng Juda, alin-

sunod sa kautusan ni Haring Nabucodonosor. ⁷ Pinangalagaan ni Mardoqueo ang kanyang pinsang si Hadasa, na si Ester nga. Ulila sa ama't ina si Ester na may kasiya-siyang mukha at katawan, at pagkamamatay ng kanilang magulang, inampon siya ni Mardoqueo.

⁸ Nang maipahayag ang kautusan ng hari, maraming dalaga ang natipon sa napapaderang lunsod ng Susa at ipinagkatiwala kay Hegue. Si Ester ay kabilang sa mga dinala sa bahay ng hari at ipinagkatiwala kay Hegue. ⁹ Nakagaan siya ng loob ng katiwala, kung kaya hindi lamang binigyan ng mga gamit na pampaganda at mabuting pagkain kundi pinagkalooban pa ng pitong babaeng katulong mula sa sambahayan ng hari at inilipat ng tirahan sa pinakamabuting lugar sa Bahay ng mga Babae, kasama ang pitong katulong.

¹⁰ Hindi ipinaalam ni Ester ang kanyang pinagbuhatang lahi o angkan, yamang iyon ang tagubilin ni Mardoqueo. ¹¹ Araw-araw naman ay naglalakad si Mardoqueo patungo sa patyo ng Bahay ng mga Babae upang alamin ang kalagayan ni Ester.

¹² Makaraan ang labindalawang buwang itinakda bilang paghahanda para sa mga babae, bawat isa sa kanila ay ihaharap kay Haring Asuero. Ang ganitong panahon ng paghahanda ay ukol sa pagpapaganda: anim na buwang pagmamasahé ng langis ng mira at anim na buwan pang paggamit ng mga pabango at kosmetiko. ¹³ Kapag pahaharapin na ang babae sa hari, magdadala siya buhat sa Bahay ng mga Babae patungo sa palasyo ng anumang nais niya. ¹⁴ Magtutungo siya sa palasyo sa gabi at sa umaga'y babalik sa ibang bahay sa Bahay ng mga Babae na pinamamahalaan naman ng eunukong si Saasgaz. Kaya lamang siya babalik sa hari ay kapag nasiyahan ito sa kanya at siya'y ipinatawag sa kanyang pangalan.

¹⁵ Nang ang pagkakataon ni Ester - anak-anakang inampon ni Mardoqueo at anak ng amain nitong si Abigail - ay sumapit upang humarap sa hari, wala siyang hiniling na iba pa sa mga naipagkaloob na sa kanya ng eunukong si Hegue; gayunma'y hinangaan pa rin ang kanyang kagandahan ng lahat ng nakakita. ¹⁶ Si Ester ay inihatid sa palasyo noong ikasampung buwan ng Tebet, ikapitong taon ng paghahari ni Asuero. ¹⁷ Higit na nagustuhan ng hari si Ester kaysa sinumang iba pang babae at higit na kinalugdan kaysa sinumang iba pang dalaga. Kaya inilagay sa kanyang ulo ang korona at ginawa siyang reyna na kapalit ni Vasti.

¹⁸ Naghandog ang hari ng isang malaking piging, ang piging ni Ester, at inanyayahan ang

kanyang mga pinuno at ministro; ang araw na iyon ay ipinahayag niyang araw ng pahinga sa lahat ng probinsya, at namigay siya ng maraming regalo, alinsunod sa kagandahang-loob na marapat sa mga hari.

¹⁹Mula nang tipunin ang mga dalaga at pumasok si Ester sa ikalawang bahay ng mga dalaga, ²⁰hanggang sa panahong ito ay hindi pa ipinaalam ni Ester ang kanyang pinagbuhatang angkaan at lahi, bilang pagtalima sa tagubilin ni Mardoqueo, na kanyang sinunod buhat pa nang ampunin siya nito. ²¹Sa panahong iyon itinalaga si Mardoqueo sa Pamamahalaan ng hari. Noon ngang namamahinga si Mardoqueo sa patyo binalak nina Gabata at Tarra, dalawang di-nasisiyahang eunukong bantay-pinto, na patayin si Haring Asuero. ²²Natuklasan nga ni Mardoqueo ang pakana at ipinabatid niya iyon kay Reyna Ester, bagay na sinabi naman nito sa hari sa ngalan ni Mardoqueo. ²³Siniyasat ang bagay na iyon at natuklasang totoo. Binitay ang dalawang taksil, at itinala ang pangyayari sa aklat-kasaysayan sa harap ng hari.

3 ¹Pagkaraan ng mga pangyayaring ito, itinaas ni Haring Asuero sa tungkulin si Aman na anak ni Amedata, isang Agagita. Ginawa siyang pinakamataas sa lahat ng iba pang mga opisyal na mga kasama niya. ²Iniutos ng hari na luluhod at yuyukod kay Aman ang lahat ng mga lingkod ng hari na may tungkulin sa pamahalaan. Tumanggi si Mardoqueo na gawin ito.

³Tinanong ng mga pinuno sa pamahalaan ng hari si Mardoqueo: “Bakit ka sumusuway sa utos ng hari?” ⁴Siya’y pinagsasabihan nila araw-araw, ngunit tumanggi siyang sumunod, at ipinaliwanag na siya’y isang Judio. Upang matiyak kung tama ang dahilan ni Mardoqueo, sila’y nagsumbong kay Aman.

⁵Nagalit si Aman nang makitang hindi lumuluhod si Mardoqueo ni nagbibigay-dangal sa kanya. ⁶Nabalitaan niya kung ano ang lahi ni Mardoqueo, at naisip niyang hindi sapat na ito lamang ang kanyang parusahan kundi hinangad din niyang lipulin ang lahat ng Judio sa buong kaharian ni Asuero.

⁷Nang unang buwan, ang buwan ng Nisan, sa ikalabindalawang taon ng paghahari ni Asuero, isinagawa sa harap ni Aman ang sapalarang tinatawag na *pur* upang tiyakin ang araw at buwan ng paglipol sa mga kababayan ni Mardoqueo. Ang lumabas sa sapalaran ay ang ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan ng Adar.

⁸Kinausap ni Aman si Haring Asuero: “Sa napakaraming probinsya ng iyong kaharian ay nakakalat ang isang kaibang bayan. Di-katulad ng sa mga iba ang kanilang mga batas at hindi sila sumusunod sa mga kautusan ng hari. Hindi makabubuti sa hari na pabayaang sila. ⁹Kung mamarapatin ng iyong kamahalan, dapat ipag-utos ang paglipol sa kanila. Magdedeposito ako ng sampung libong talentong pilak sa kabangyaman, sa pamamagitan ng mga opisyal ng hari.”

¹⁰Hinugot ng hari sa daliri ang kanyang singsing na pantatak at iniabot kay Aman na anak ni Amedata, ang Agagitang away ng mga Judio, at sinabi: ¹¹“Sa iyo na ang iyong salapi, at tungkol sa bayang ito, gawin mo sa kanila kung ano’ng gusto mo.”

¹²Nang ikalabintatlong araw ng unang buwan ay ipinatawag ang mga tagasulat ng hari. Ayon sa dikta ni Aman, sila’y sumulat ng mga kautusan sa katitikan ng bawat probinsya at sa wika ng bawat bayan para sa mga pinunong namamahala sa mga probinsya at bayan. Ginawa sa pangalan ni Haring Asuero at nagtaglay ng tatak ng kanyang sariling singsing, ¹³ang mga sulat ay ipinadala sa lahat ng probinsyang nasasakop ng hari at ipinag-utos na patayin, wasakin at lipulin ang lahat ng Judio – bata’t matanda, babae’t lalaki – sa loob ng isang araw, ang ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan ng Adar, at samsamin ang kanilang mga ari-arian.

• ¹⁴ Ipinalam sa lahat ng mamamayan ang kautusang ipatutupad na batas sa bawat probinsya upang maging handa sila sa araw na iyon. ¹⁵ Sa utos ng hari, nagmadali ang mga tagapagbalita at ang kautusan ay unang ipinahayag sa Susa. Habang nag-iinum ang hari at si Aman, ang lunsod naman ng Susa ay nasa kaguluhan.

13 ¹ Ganito ang nilalaman ng sulat: Ang dakilang Haring Asuero ay nagpapatalastas sa mga namumuno sa sandaan dalawampu't pitong probinsya mula sa India hanggang Etiopia at sa mga gobernador na kanilang nasasakupan:

² Bilang pinuno ng maraming bansa at panginoon ng buong daigdig, ipinasya ko na huwag patangay sa kapalaluan ng kapangyarihan at sa halip ay mamahala nang may kahinahunan at kabaitan, dulutan ang aking mga nasasakupan ng isang buhay na ligtas sa bagabag, at panatilihin ang kapayapaang ninanais ng lahat sa pamamagitan ng isang pamahalaang makatao at tunay na sibilisado sa buong saklaw ng aking kaharian.

³ Nang sangguniin ko ang aking mga tagapayo kung paano maisasakatuparan ang hangaring ito, si Aman, na nakahigit sa karunungan at nakapagpamalal na ng kaganapan at katapatan kung

kaya nagtamo siya ng pangalawang ranggo sa kaharian, ⁴ ay nagpahayag na may isang masamang bayang naninirahan sa piling ng lahat ng lahing nasasakupan ko. Salungat sa lahat ng bansa ang mga kautusan ng bayang ito na patuloy sa pagsuway sa mga utos ng mga hari at hadlang sa pagtatagumpay ng pamamahala na ating tinutupad nang walang kapintasan.

⁵ Napatunayan namin na ang bayang ito ay kalaban ng buong sangkatauhan sa lahat ng paraan at naiiba sila sa lahat bunga ng kanilang kakatwang mga batas. Hinahadlangan nila ang aming kabutihan at ginagawan ng masama upang pinsalain ang katatagan ng ating kaharian.

⁶ Dahil dito, ipinag-uutos naming ganap na lipulin nang walang awa ang mga taong binabanggit sa mga sulat ni Aman, na siyang tagapangasiwa sa mga suliranin ng kaharian at siyang pangalawang ama natin. Papatayin sila sa tabak ng kanilang mga kaaway, pati ang mga babae at bata sa ikalabing-apat na araw ng ikalabindalawang buwan ng Adar ng taong kasalukuyan. ⁷ Kaya sa iisang araw bababa nang marahas sa lugar ng mga patay ang mga nagpakana at nagpapakana pa; at magkakamit naman tayo ng matatag at payapang

• **3.14** Ang "sulat na ito ni Asuero" kasama'yong isa pa sa kabanata 15, ang isa sa pinakatampok na mga pahina sa nobelang ito ni Ester.

Isang paraan ng pagbasa nito ay ituring itong isang huwaran ng iniisip, sinasabi at isinusulat ng mga rehimeng totalitaryo at diktador na militar sa lahat ng lugar at panahon. Ang sinumang sumalungat sa mga nasa kapangyarihan nang dahil sa konsiyensiya ay taksil sa kanyang bansa o sa kanyang bayan. Ipinakikita ng aklat kung paanong ang totalitarianismo ay nagiging idolatriya ng mga namumuno na itinuturing na di-nagkakamali. Dapat laging tandaan na ang mga bansa at ang kanilang mga hukbo ay paraan lamang para pagsilbihan ang komunidad ng mga bansa pati na ang kapayapaan na nangangailangan ng mga malayang tao at konsiyensiya. Pinagtutuunan ng pansin ng sulat na ito ang kalayaan ng konsiyensiya ng bayang Judio, isang kalayaang hindi dapat higit kaysa sa mga Kristiyano. Ipinakikita nito sa atin kung bakit sa naka-

raang panahon, ang mga lipunang maliit ang pagpapahalaga sa mga karapatang pantao – bagamat sinasabing sila'y Kristiyano – ay hindi mapahintulutan ang mga Judio. Sa gayon ding mga dahilan, ang mga Kristiyano ay inuusig o dumaranas ng maraming kahirapan ngayon sa mga bansang iba ang relihiyon ng nakararami.

Ngunit maaari ring basahin ang sulat na ito sa ibang paraan: matutunghayan natin kung gaano katindi ang pagkainis ng mga di-Judio sa mga Judio dahil sa kanilang pamumuhay at kilos: labis nga ang pagkaka-isa ng mga Judio gayong kabilang sila sa ibang bansa; ang kanyang mga batas at kaugalian na pumipigil sa kanyang makipagkaisa at makipagkapwa-tao sa mga nasa paligid niya; ang paghamak niya sa mga di-Judio. At ipakikita nga ng huling bahagi ng aklat ang karahasang nakatago sa ilalim ng mapagpakumbabang pananalig ng mga sumasampalataya sa kanilang Diyos.

pamamahala na haharapin magpakailanman.

4 ¹Nang mabatid ni Mardoqueo ang nangyari, pinunit niya ang kanyang damit, nagsuot ng sako at naglagay ng abo sa ulo, at lumakad sa lunsod habang umiiyak nang malakas at buong kapaitan. ²Ngunit hanggang sa pintuan lamang ng palasyo siya nakarating, sapagkat hindi ipinahihintulot na makapasok ang sinumang nakadamit ng sako. ³Sa lahat ng probinsyang pinagpahayagan ng kautusan ng hari, ang mga Judio ay lubhang nahapis; nagsipag-ayuno sila at nanaghoy, at marami sa kanila ang nahiga at natulog sa sako at abo.

⁴Pinatalastasan si Ester ng kanyang mga babaeng katulong at mga eunuko. Sa malaking pagkalunos, pinadalhan ni Ester ng damit si Mardoqueo upang ipalit sa suot na sako, ngunit ito'y tumanggi. ⁵Ipinatawag ni Ester si Hatac, isa sa mga eunuko ng hari na inatasang maglingkod sa kanya, at inutusan ito na alamin kung bakit nagkakagayon si Mardoqueo.

⁶Kaya nga nagtungo si Hatac kay Mardoqueo na nakatayo pa sa patyo na nasa harapan ng Pamahalaan ng hari. ⁷Ipinagtapat ni Mardoqueo ang lahat ng nangyari, gayundin ang halagang ipinangako ni Aman na ibibigay na pabuya upang malipol ang mga Judio. ⁸Binigyan din niya si Hatac ng isang kopya ng nakasulat na kautusan upang maipakita at maipaliwanag kay Ester. At ipinakiusap niya kay Ester na puntahan ang hari upang magmakaawa at mamagitan para sa kanyang sariling bayan. Ito ang mga salita niya: *“Alalahanin mo ang mga araw*

ng iyong kaabaan noong inalagaan kita. Hiniling ni Aman, na pangalawa ng hari, ang ating kamatayan. Dumalangin ka sa Panginoon, makipag-usap ka sa hari para sa amin at iligtas mo kami sa kamatayan.”

⁹Nagbalik si Hatac kay Ester na dala ang pasabi ni Mardoqueo, ¹⁰at binigyan siya ni Ester ng ganitong mensahe para kay Mardoqueo: ¹¹“Alam ng lahat ng utusan ng hari at mga mamamayan ng mga lalawigan na sinumang lalaki o babae na magtungo sa hari nang hindi ipinatatawag ay tatanggap ng parusang kamatayan, liban na lamang kung iaabot sa kanya ng hari ang gintong setro niyon. Ngunit may tatlumpung araw na ngayon buhat nang ipatawag ako ng hari.”

• ¹²Nang matanggap ni Mardoqueo ang mga salita ni Ester, ¹³isinagot niya: “Huwag mong ipalagay na ikaw lamang sa lahat ng Judio ang maliligtas dahil nasa palasyo ka. ¹⁴Kung magsasawalang-kibo ka ngayon, maliligtas pa rin ang mga Judio sa ibang paraan, ngunit ikaw at ang angkan ng ama mo ay malilipol. At sinong nakababatid – marahil ay naluklok ka sa trono para sa isang pagkakataong tulad nito.”

¹⁵Nagpadala pa ng tugon si Ester kay Mardoqueo: ¹⁶“Tipunin mo ang lahat ng Judio na nasa Susa. Mag-ayuno kayong lahat para sa akin. Huwag kayong kakain ni iinom ng anuman sa loob ng tatlong araw sa buong maghapon at magdamag. At mag-aayuno rin kami ng aking mga katulong. Pagkatapos, pupunta ako sa hari, bagamat labag iyon sa batas, at kung dapat akong mamatay, mamamatay ako.”

• **4.12** Sa mga panahon ng kagipitan, laging may mga taong nasa mataas na pusisyon na ang iniisip ay iligtas ang sarili o ang kanilang trabaho. At mas minamabuti nilang magwalang-imik kaysa makiisa sa mga minamaltrato o inaalisang kanilang mga karapatan. At kung mas marami man silang alam sa relihiyon, mas lalo lamang nilang nabibigyang-dahilan ang kanilang pagtahimik. Kaya iginigiti

ni Mardoqueo na ipaalaala kay Ester ang tungkulin nito.

Mag-ayuno kayo at ipanalangin ninyo ako sa Diyos. Ang malaking pagtitiwala ni Ester sa panalangin ng kanyang bayan ang naghahatid sa kanyang isuong sa panganib ang sariling buhay. Tulad ni Mardoqueo, naiintindihan ni Ester na hindi ipahihintulot ng Diyos na maglaho ang kanyang bayan.

¹⁷Umalis na si Mardoqueo at isinagawa niya ang mga tagubilin ni Ester.

Ang panalangin ni Mardoqueo

13 ⁸Nagdasal si Mardoqueo, kaalinsabay ng paggunita sa lahat ng ginawa ng Panginoon:

⁹Panginoon, hari at may-ari ng sanlibutan, nasa kapangyarihan mo ang lahat. Walang makahahadlang sa kalooban mo na iligtas ang Israel.

¹⁰Ginawa mo ang langit at lupa at lahat ng kahanga-hangang bagay na nasa ilalim ng langit. ¹¹Ikaw ang Panginoon ng lahat, at walang makatututol sa iyo, Panginoon.

¹²Batid mo ang lahat ng bagay, O Panginoon. Alam mo na hindi kayabangan o pagmamataas o kapalaluan ang dahilan kung bakit hindi ako yumukod sa palalong si Aman. ¹³Handa akong humalik maging sa kanyang paa alang-alang sa ikaliligtas ng Israel. ¹⁴Ngunit tumanggi akong luwalhatiin ang isang tao nang higit sa iyo. Ikaw lamang na Panginoon ang aking sinasamba, at ang ginawa ko ay hindi dahil sa kapalaluan.

¹⁵At ngayon, Panginoong Diyos, Hari, Diyos ni Abraham, iligtas mo ang iyong bayan! Binabalak ng aming mga kaaway ang aming kapahamakan. Hangad nilang lipulin ang pamanang iyo na buhat pa sa simula.

¹⁶Huwag mong pabayaang ang iyong pamana, na tinubos mo buhat sa Ehipto para sa iyong sarili.

¹⁷Dinggin mo ang aking panalangin; kahabagan mo ang iyong sariling bayan. Palitan mo ng katuwaan ang aming pagluluksa upang kami'y mabuhay at umawit at magpuri sa iyong pangalan, O Panginoon. Huwag mong pabayaang matahimik ang mga bibig ng mga nagpupuri sa iyo.

¹⁸At malakas ding sumigaw ang buong Israel sapagkat kinakaharap nila ang kamatayan.

Ang panalangin ni Ester

14 ¹Sa pamimighati sa harap ng kamatayan ay dumulog din si Reyna Ester sa Panginoon. ²Hinubad niya ang marangyang kasuotan at pinalitan ng damit ng pamimighati at pagluluksa. Sa halip ng mamahaling pabango, dumi at abo ang ipinaligo niya sa ulo. Mahigpit na inaba niya ang kanyang katawan, hinubad ang lahat ng maringal na palamuti niyon at ginusot ang kanyang buhok. ³Dumalangin siya sa Panginoong Diyos ng Israel:

⁴Panginoon, aming hari at tanging Diyos, iligtas mo ako. Nag-iisa ako, walang makatutulong liban sa iyo, sa panganim na itong pinili kong pagsuungan ng aking buhay.

⁵Mula pa sa pagsisilang sa akin sa tribu ng aking mga magulang ay narinig ko nang ikaw ang humirang sa Israel, O Panginoon, sa lahat ng bayan, at sa aming mga magulang buhat sa kanilang mga lahi upang maging walang-hanggang pamana mo. At tinupad mo ang lahat ng iyong ipinangako.

⁶Ngunit nagkasala kami, at ipinagkaloob mo kami sa aming mga kaaway ⁷sapagkat sumamba kami sa kanilang mga diyos. Makatarungan ka, O Panginoon.

⁸Hindi sila nasiyahan sa aming mapait na paglilingkod. ⁹Kaya nakipagkasundo sila sa kanilang mga diyus-diyusan upang pawiin ang iyong ipinag-utos, lipulin ang iyong pamana, patikumin ang mga bibig na nagpupuri sa iyo, apulain ang kaluwalhatian ng iyong Bahay at ng iyong altar. ¹⁰Gusto nilang purihin ng mga pagano ang mga walang silbing diyus-diyusan at luwalhatiin magpakailanman ang isang haring laman.

¹¹Huwag mong ipaubaya ang iyong setro, O Panginoon, sa mga bagay na di-umiiral. Huwag mong ipahintulot na kami'y libakin nila sa aming kapaha-

makan; ibalik mo sa kanila ang binabalak nila, at maging halimbawa nawa ang aming pangunahing kaaway. ¹² Alalahanin mo kami, Panginoon, at ihayag mo ang iyong sarili sa panahon ng aming pagkabagabag.

Palakasin mo ako, Hari ng mga diyos at Panginoon ng lahat ng puno. ¹³ Gawin mong mapang-akit ang aking mga salita kapag humarap na ako sa leon; italikod mo ang kanyang puso sa aming kaaway upang ito at ang mga katulad nito ay magwakas.

¹⁴ Iligtaskamingiyongkamay, tulungan ako na isang ulila at walang tagatangkilik kundi ikaw, O Panginoon.

¹⁵ Batid mo ang lahat. Batid mo kung paano ko kinamumuhian ang karangalan mula sa mga tampalasan, kung paano ko kinasusuklaman ang higaan ng ditinuli at ng sinumang dayuhan. ¹⁶ Alam mong narito akong napilit; na kinasusuklaman ko ang diademang nasa aking noo kapag humaharap ako sa madla; sa aki'y tulad iyon ng isang maruming basahan na ayaw kong isuot kapag ako'y nag-iisa.

¹⁷ Kailanma'y di ako kumain sa hapag ni Aman, o nasiyahan sa mga piging ng hari ni uminom ng alak na handog sa kanilang diyos. ¹⁸ Mula sa pagtataas sa akin hanggang ngayon, hindi nasiyahan ang iyong lingkod sa anuman liban sa iyo, Panginoong Diyos ni Abraham.

¹⁹ O Diyos na higit na makapangyarihan sa lahat, dinggin ang tinig ng mga namimighati. Iligtas mo kami sa

masasamang tao, at hanguin mo ako sa aking takot.

Humarap si Ester sa hari

15 • ¹ Nang ikatlong araw sa pagtatapos ng kanyang panalangin, hinubad ni Ester ang kanyang kasuotang panluksa at isinuot uli ang kanyang damit-reyna. At naging maningning ang kanyang kagandahan. Tumawag siya sa Diyos na nag-aalaga sa lahat at nagligtas sa kanila, at isinama niya ang dalawang babaeng katulong. ² Napaalalay siya sa isa, habang kasunod ang isa pang may hawak sa laylayan ng kanyang damit. ³ Namumula-mula ang maalindog niyang mukha. Kaibig-ibig ang kanyang kaanyuan bagamat sakmal ng takot ang puso niya.

⁴ Pagkapagdaan sa lahat ng pinto, humarap siya sa hari na nakaupo sa trono nito. Nakasuot ang hari ng maringal na damit na napapalamutian ng ginto at mga mamahaling bato, at kagulat-gulat ang anyo nito. ⁵ Namula sa makaharing pagkagalit ang mukha ng hari nang tumingala ito. Sa pagkasindak, namutla ang mukha ng reyna, at isinandig niya ang ulo sa umaalalay na katulong.

⁶ Niloob ng Diyos na manaig ang pagmamahal sa galit ng hari. Nagmamadali siyang bumaba sa trono at niyakap si Ester at inaliw sa mapagmahal na pangungusap. "Ano iyon, Ester?" aniya. "Kapatid mo ako. Huwag kang matakot: hindi ka mamamatay. Para sa mga karaniwang tao lamang ang aming kautusan." ⁸ Ina-

• **15.1** Pansinin ang talatang ito na naglalarawan kay Asuero na parang isang diyos. Gayunma'y siya rin ang paganong haring kinausap at lubos na binale-wala ni Ester sa naunang kabanata.

Narito ang dahilan: Sinusunod ng mga pagano ang kanilang mga hari na parang mga diyos. At sa halip na kalabanin sila ng mga Judio, na magbubunga lamang ng mga pag-uusig, lalo pa silang pinuri ng mga Judio. Ngunit parang laro ito sa kanila, sapagkat iniisip nilang: "Ang sinasabi ng aking mga labi tungkol kay Kuwan na hari ng Persia ay sa aking Panginoon ko sinasabi mula sa aking puso" (tingnan ang kapareho nito sa Judit 12:14).

Sinulat bilang talinhaga ang usapang ito nina Ester at Asuero: Si Asuero ang kumakatawan sa Haring Pinakamakapangyarihan na napasakop sa pananampalataya ni Ester at tumanggap sa kanya bilang kapatid nang may pagmamahal na hindi akalain ni Ester. Ang Diyos ang siyang hindi makapagtitiis na makita pa ang pagkabahala ni Ester at siyang nagbigay sa kanya ng kaligtasan ng kanyang bayan.

Madali nating mauunawaan dito kung bakit ginunita ng Iglesya ang mga salita ng aklat ni Ester sa pagpaparangal kay Maria: sapagkat sa tabi ni Kristo'y si Maria ang lumuluhog para sa mga tao.

ngat niya ang setrong ginto, idiniit sa leeg ni Ester, at saka niyakap ito. At sinabi niya: “Magsalita ka.”

⁹Nagsalita si Ester: “Panginoon, nakita kitang parang anghel ng Diyos kaya nabalisa ang aking puso at natakot ako sa iyong kaluwalhatian. Sapagkat kahanga-hanga ka at kalugud-lugod ang iyong mukha.” ¹⁰Habang nagsasalita patuloy na nauupos si Ester. Nabahala ang hari at sinikap ng kanyang mga katulong na panumbalikin ang malay ni Ester.

5 ³Nagtanong ang hari: “Ano iyon, Reyna Ester? Sabihin mo sa akin ang gusto mo. Kahit kalahati ng aking kaharian ay ipagkakaloob ko sa iyo.” ⁴Sumagot si Ester: “Kung mamarapatin ng iyong kamahalan, sumama ka kay Aman sa isang piging na inihanda ko ngayon.” ⁵Nag-utos ang hari: “Tawagin agad si Aman upang mapagbigyan ang kagustuhan ni Ester.”

Nagtungo nga ang hari at si Aman sa piging na inihanda ni Ester. ⁶Nang uminom ng alak, muling nagtanong ang hari kay Ester: “Sabihin mo ang iyong hinihiling. Ipagkakaloob iyon. Ano ang hinihiling mo? Kahit kalahati ng kaharian ko’y ibibigay sa iyo.”

⁷Sumagot si Ester: “Ang aking hiling, ang aking nais...” ⁸Kung kinalulugdan ako ng hari at kung makasisiya sa kanya na pagbigyan ang aking hiling, sumama siya kay Aman bukas sa isa pang piging na ihahanda ko. At saka ko sasagutin ang tanong.”

⁹Maligaya at nasisiyahang umalis si Aman nang araw na iyon, ngunit nang makita niya si Mardoqueo sa pintuan ng hari at hindi ito tumayo o nagpakita ng takot sa kanya, nakaramdam siya ng matinding galit. ¹⁰Gayunma’y hindi siya nagpahalata.

Ngunit pagkauwi niya, tinawag ang kanyang mga kaibigan at ang asawang si Zeres. ¹¹Ipinagyabang niya ang kanyang

malaking kayamanan, ang kanyang maraming anak na lalaki, at ang lahat ng ginawa ng hari upang itaas siya sa ibabaw ng lahat ng pinuno at lingkod niyon. ¹²Sinabi pa ni Aman: “Ako lamang ang inanyayahan ni Reyna Ester, kasama ng hari, sa piging na kanyang inihanda at muli niya akong inanyayahan kasama ng hari bukas. ¹³Ngunit walang kabuluhan sa akin ang lahat ng ito hanggat nakikita ko ang Judiong si Mardoqueo na nakaupo sa pintuan ng hari.”

¹⁴Sinabi ng kanyang asawang si Zeres at ng lahat niyang kaibigan: “Magpagawa ka ng isang bibitayang may taas na limampung siko. At bukas din ng umaga ay sabihin mo sa hari na bitayin doon si Mardoqueo. Sa gayo’y masaya ka nang makedadalo sa piging kasama ng hari.” Nasiyahan si Aman sa mungkahi, kung kaya nagpatayo nga ng bibitayan.

Napahiya si Aman sa harap ni Mardoqueo

6 ¹Hindi makatulog ang hari nang gabing iyon at iniutos niya na dalhin sa kanya ang Aklat ng Kasaysayan at binasa ang tala roon. ²Natagpuan ang pahina tungkol sa pagkatuklas ni Mardoqueo sa pakana ng dalawang eunukong nagbantay sa pintuan, sina Bigtan at Teres, na patayin si Haring Asuero. ³Itinangong ng hari: “Anong gantimpala at karangalan ang tinanggap ni Mardoqueo ukol dito?” Sumagot ang mga batang katulong ng hari: “Wala po.”

⁴Kaya nagtanong ang hari: “Sino ang tagapangasiwa sa pintuan ngayon?” Sa sandaling iyon ay nakapasok na sa patyo si Aman na nagnanais makipag-usap sa hari tungkol sa pag-papabitay kay Mardoqueo. ⁵At sinagot ng mga kawani ang hari: “Naroon si Aman.” “Papasukin siya,” utos ng hari.

⁶Nang makapasok si Aman ay itinangong ng hari: “Ano ang marapat gawin sa taong ibig ng haring parangalan?”

Naisip ni Aman: Sino pa ba ang nainais ng haring parangalan kundi ako? ⁷Kaya siya'y sumagot: "Para sa taong nais ng haring parangalan, ⁸ipakuha ang isang pangharing damit na isinuot na ng hari; at isang kabayo na sinakyan na ng hari, na may pangharing putong sa ulo. ⁹Ipagkakatiwala ang damit at ang kabayo sa isa sa mga pangunahing pinuno ng kaharian. Siya ang magsusuot ng damit sa lalaking nais parangalan ng hari. Pasasakayin niya ito sa kabayo na kanyang aakayin sa liwasan ng lunsod habang isinisigaw niya: 'Ganito ang ginagawa para sa taong kinalulugdang parangalan ng hari!'"

¹⁰Iniutos ng hari kay Aman: "Kung gayo'y magmadali ka! Dalhin mo ang damit at ang kabayo at gawin mo ang iyong sinabi para sa Judiong si Mardoqueo na nasa Pamahalaan ng hari. Huwag mong kaliligtaan ang alinman sa lahat ng sinabi mo."

¹¹Kaya kinuha ni Aman ang damit at ang kabayo. Ipinasuot niya ang damit ng hari kay Mardoqueo, at inakay ang kabayong sinasakyan nito habang isinisigaw niya: "Ganito ang ginagawa para sa taong kinalulugdang parangalan ng hari!"

¹²Pagkatapos, nagbalik si Mardoqueo sa Pamahalaan ng hari. Si Aman naman ay bigung-bigo at nakatalukbong na umuwi. ¹³Isinalaysay niya sa asawa at mga kaibigan ang lahat ng nangyari, sinabi nila sa kanya: "Nagsimula ka nang bumagsak sa harapan ni Mardoqueo; kung mula siya sa lahing Judio, hindi ka mananalo sa kanya. Tiyak na mapapahamak ka pa." ¹⁴Habang sila'y nag-uusap, dumating ang mga eunuko ng hari at pinapagmadali si Aman sa pagtungo sa piging na inihanda ni Ester.

Ang inihandang piging ni Ester

7 • ¹Nagtungo si Aman at ang hari sa piging na inihanda ni Ester. ²At muli, sa ikalawang araw, habang sila'y umiinom ng alak, sinabi ng hari kay Ester: "Sabihin mo, Reyna Ester, ang iyong kahilingan. Ipinagkakaloob na ito sa iyo. Ano ang iyong hiling? Matutupad ito, kahimat kalahati ng aking kaharian."

³Sumagot si Reyna Ester: "Kung kinalulugdan ako ng hari at kung makasisiya sa kanya ang aking hiling, ipagkaloob mo sa akin ang aking buhay, at gayundin sa aking mga kababayan; ito ang aking hiling at hingi. ⁴Sapagkat ipinagbili kami upang patayin at wasakin at lipulin. Kung ibinigay kami upang gawing alipin, mananahimik ako; ngunit ngayon, hindi mababayaran ng kaaway ang pinsalang nagawa sa hari."

⁵Tinanong ni Haring Asuero si Reyna Ester: "Sino ang nangahas gumawa ng ganito? Nasaan siya?" ⁶Sumagot si Ester: "Ang tampalasang si Aman, siya ang kaaway at kalaban!"

Nasindak si Aman sa harapan ng hari at ng reyna. ⁷Sa galit ay iniwan ng hari ang piging at nagtungo siya sa halamanan. Nanatili si Aman upang hilingin kay Reyna Ester ang kanyang buhay, sapagkat nauunawaan niya na pinag-iisipan ng hari na ipapatay siya.

⁸Nang bumalik ang hari mula sa halamanan ay nakita niyang natumba si Aman sa upuang kinaroroonan ni Ester. Sumigaw ang hari: "Pati ba ang reyna ay gusto niyang dahasin sa harap ko sa palasyo?"

Hindi pa natatapos ang sinabi ng hari ay tinakpan na ng kanyang mga katulong ang mukha ni Aman. ⁹Sinabi ni Harbona,

• **7.1** Sinasaklolohan ng Diyos ang humihingi ng tulong sa kanya, pero dapat din nating gamiting lagi ang ating mga kakayahan bilang mga tao. Nanalig si Ester sa kanyang Diyos pero ginamit din niya ang pagiging maingat at ang kinakailangang pamamaraan upang huwag masira ang isasakatuparan ng Diyos.

Ipinakita ng kasaysayan na hindi kailanman magtatagumpay ang mga umuusig sa bayan ng Diyos.

Madaling makikita ang kabaligtarang inilalahad ng sumulat ng aklat na ito sa paglalarawan niya sa mga haring makapangyarihan at sa kanilang mga kapritso.

isa sa mga eunuko ng hari: “Naroon ang isang bibitayang may taas na limampung siko na itinayo ni Aman para kay Mardoqueo na siyang nagkaloob ng ulat na nagligtas sa buhay ng hari. Nakahanda na ito sa kanyang bahay.”

Iniutos ng hari: “Bitayin siya roon.”

¹⁰ Kaya nga, ibinitin si Aman sa bibitayang inihanda niya para kay Mardoqueo, at humupa ang galit ng hari.

8 ¹ Nang araw ring iyon, ipinagkaloob ni Haring Asuero kay Reyna Ester ang bahay ni Aman, tagapag-usig ng mga Judio. Si Mardoqueo ay tinanggap sa harapan ng hari, sapagkat ipinagtapat ni Ester ang kanilang pagiging magkamag-anak. ² Binawi na ng hari kay Aman ang kanyang pantatak na sinsing, at ipinagkaloob niya iyon kay Mardoqueo, na hini-rang ni Ester bilang tagapangasiwa ng bahay ni Aman.

³ Minsan pang pinuntahan ni Ester ang hari. Umiiyak siyang nagpatirapa sa paanan ng hari at isinamong biguin ang masamang pakana ng Agagitang si Aman laban sa mga Judio. ⁴ Iniabot ng hari ang kanyang setrong ginto kay Ester. At ito’y tumayo at nakipag-usap sa hari.

⁵ “Kung mamarapatin ng iyong kamahalan, kung ako’y naging kasiya-siya sa iyong paning-in at kinalugdan mo ako, at kung ipinapalagay mong marapat gawin, pawawalang-saysay ng hari ang mga sulat ni Aman na anak ni Amedata, ang Agagita. Iyon ang mga sulat na nagpapapatay sa mga Judio sa lahat ng probinsya ng hari. ⁶ Sapagkat paano ko matitiis na makita ang pagpatay sa aking mga kababayan, ang paglipol sa aking lahi?”

⁷ Sinabi ni Haring Asuero kay Reyna Ester at kay Mardoqueo, ang Judio: “Ipinagkaloob ko ang bahay ni Aman kay Ester, at ipinabitay ko si Aman dahil sa kanyang pagbabalak na ipapatay ang mga Judio. ⁸ Ngayon, sumulat kayo ng isang kautusang makasisiya sa inyo tungkol sa mga Judio, sa pangalan ng hari, at tatakan mo sa pamamagitan ng aking sinsing, sapagkat hindi mababago ang anumang kasulatan sa pangalan ng hari na tinatakan ng kanyang sinsing.”

⁹ Nang araw ring iyon, ikadalawampu’t tatlo

ng ikatlong buwan ng Sivan, ay ipinatawag ang mga tagasulat ng hari, at idinikta sa kanila ni Mardoqueo ang isang kautusan para sa mga Judio, mga gobernador at pinuno ng sandaan dalawampu’t pitong probinsya buhat sa India hanggang Etiopia – sa bawat probinsya sa sarili nitong katitikan, sa bawat bayan sa sariling wika, at sa mga Judio sa kanilang sariling katitikan at wika. ¹⁰ Ang mga sulat na itong ginawa sa pangalan ni Haring Asuero at tinatakan ng kanyang sinsing ay inihatid ng mga tagapagbalitang sakay ng mga kabayo ng hari.

¹¹ Pinahihintulutan ng hari ang mga Judio sa bawat lunsod na magsama-sama at magtanggol sa sarili, pumatay, magwasak at lumipol sa alinmang nasasandatahang pangkat ng alinmang bansa o probinsya na handang sumalakay sa kanila at sa kanilang mga anak at babae; at maaari rin nilang samsamin ang ariarian ng mga iyon. ¹² Ipatutupad ito sa lahat ng probinsyang nasasakupang ni Haring Asuero sa ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan ng Adar.

¹³ Isang kopya ng kautusang ipatutupad bilang batas sa bawat probinsya ang ipinahayag sa lahat ng sambayanan upang maging handa ang mga Judio sa nabanggit na araw ng paghihiganti nila sa kanilang mga kaaway.

¹⁴ At madaling umalis ang mga tagahatid-sulat na sakay ng mabibilis na kabayo, na dala ang utos ng hari. Sa lunsod ng Susa ipinahayag ang kautusan.

¹⁵ May suot na asul na damit-hari at puting linen at isang malaking koronang ginto at balabal na purpura si Mardoqueo sa pag-alis niya sa harap ng hari. May isang pagdiriwang sa lunsod ng Susa. ¹⁶ Para sa mga Judio, iyon ay isang araw ng liwanag at pagsasaya, karangalan at tagumpay. ¹⁷ Saanman basahin ang kautusan ng hari, sa bawat probinsya at bawat lunsod, nagagalak at nagdiriwang ang mga Judio. Maraming tao ng ibang nasyonalidad ang naging Judio dahil sa takot sa mga Judio.

16 • ¹ *Ganito ang isinasaad ng nasabing sulat:*

“Ang dakilang Haring Asuero sa mga pinuno at sa lahat ng matatapat naming nasasakupang sa sandaan dalawampu’t pitong probinsya buhat sa India hanggang Etiopia: Pagbati!

• **16.1** Parang tinatapos ng sulat na ito ang unang sulat na nabasa natin sa kabanata 13. Pinagmagan-dahang-loob ng hari ang mga Judio sa paraang kasing-iresponsable ng pag-uutos niyang patayin ang mga ito. Pero hindi siya siyempre kundi iba ang may kasalanan: si Aman na luminlang sa kanya. Bale-wala sa kanya

ang mag-utos ng kabaligtaran sa hindi pa natatagalang pasya niya. Sa totoo’y ang pagbabago pa niyang ito ang magpapatunay na kumikilos siya nang may karunungan para ituwid ang mga pagkakamali.

Minsan pang binibigyang-buhay ng sumulat ng Ester ang kahangalan ng makapangyarihang mga pinunong

² May ilang tao na lalong nagiging palalo habang tumatanggap ng napakadala sa karanangan buhat sa malaking kagandahang-loob ng kanilang tagatangkilik. ³ Nagsasagawa sila ng ikapipinsala ng aming mga nasasakupan at dala ng kanilang kapalaluan, nagbabalak pa ng masama laban sa tumatangkilik sa kanila. ⁴ Pinawawalang-saysay ng mga taong ito ang utang na loob. Tinatangay ng kapalaluan ng mga taong walang nalalaman sa kabutihan, nag-aakala silang makaiiwas sa katarungan ng Diyos na nakababatid ng lahat.

⁵ Malimit mangyari na maraming nasa kapangyarihan ang nagiging kasabwat sa pagpatay sa walang kasalanan dahil sa impluwensya ng mga kaibigang pinagkatiwalaang mangasiwa sa mga gawaing pambayan; nangkot sila sa pagdudulot ng mga kapahamakang mahirap nang malunasan pa ⁶ dahil sa pagkakalinlang ng mga kaibigang ito. Sapagkat dinaya nila ang walang-malay na kagandahang-loob ng mga namumuno sa pamamagitan ng mga kaakit-akit na katwiran ng kasamahan.

⁷ Hindi lamang ang mga dating pangyayaring naisalaysay namin kundi ang nakikita ninyong gawain ngayon ang nagtuturo sa inyo ng mga katampalasanang naganap. ⁸ Ngunit mag-iingat kami sa hinaharap, upang mabigyan ng kapayapaan ang lahat ng nasa ating kaharian; ⁹ magkakaroon ng mga pagbabago at magiging makatarungan kami sa lahat ng bagay.

¹⁰ Alam ninyo na tinanggap namin si Aman na anak ni Amedata, isang Macedonio na di nagtataglay ng dugong Persiano at malayung-malayo sa aming kagandahang-loob. ¹¹ Nagtama siya ng kabutihang ipinagkakaloob namin sa bawat bansa, at itinuring na “ama” natin at pangalawa sa hari kung kaya niyuyukuran ng bawat isa. ¹² Ngunit nagpalalo siya at nagbalak pang agawin sa atin ang kapangyarihan at ang ating buhay. ¹³ Mayroon kaming isang tagapagligtas, si Mardoqueo na palagiang tagapagatangkilik at isang walang-kapintasang kasama, si Reyna Ester. Sila at ang kanilang sambayanan ay hinangad ni Aman na lipulin

sa pamamagitan ng masamang pakana. ¹⁴ Sa gayong paraan binalak niyang pahinain ang aming tanggulan upang madaling maisalin ang kapangyarihan mula sa mga Persiano tungo sa mga Macedonio.

¹⁵ Ngunit natuklasan namin na hindi masamang-loob ang mga Judio na hinangad lipulin ng tampalasang iyon; sa halip ay pinamamahalaan sila ng pinakamakatarungang mga batas.

¹⁶ Mga anak sila ng Kataas-taasan, ang dakilang Diyos na buhay, na nagbigay sa amin at sa aming mga magulang ng isang masaganang kaharian.

¹⁷ Kaya, makabubuti na huwag ninyong pansinin ang sulat ni Aman, anak ni Amedata.

¹⁸ Binitay na sa pintuan ng Susa ang taong iyon at ang kanyang buong sambahayan. Ganyan kabilis ang paglalapat ng parusang isinagawa ng Diyos, na siyang namamahala sa lahat.

¹⁹ Maglagay ng isang kopya ng sulat na ito sa bawat lugar, bigyan ng kalayaan ang mga Judio na mamuhay ayon sa kanilang sariling mga batas, ²⁰ at tulungan ninyo sila kung may sumalakay sa kanila sa ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan ng Adar. ²¹ Sapagkat binago ng Diyos na namamahala sa lahat ang araw na ito; ang araw ng paglipol ay naging araw ng kagalakan para sa kanyang hinirang na bayan.

²² Kaya ibinibilang ninyong mga Judio sa inyong mga araw ng kapistahan at ipinagdiriwang nang buong kagalakan ang mahalagang araw na ito. ²³ Buhat ngayon at sa haharapin, ang araw na ito ay magiging tanda ng kaligtasan para sa amin at sa matatapat na Persiano; ngunit para sa mga nagbalak ng masama laban sa amin, ito’y magiging tagapagpangunita ng pagkawasak.

²⁴ Lahat ng lunsod at lupaing hindi susunod sa kautusang ito ay pupuksain sa tabak at apoy. Walang maninirahan doon, ni tao, ni hayop o ibon.”

9 • ¹ May bisa ang kautusan ng hari sa ikalabintatlong araw ng ikalabindalawang buwan ng Adar. Sa petsang ito inaasahan ng mga kaaway na mapupuksa nila ang mga Judio,

iyon na laging nagtatangkang kumbinsihin ang kanilang mga bayan na sila’y kailangang-kailangan, at kung wala sila’y magkakagulo ang ating buhay. Kung sinisikap ngang ilarawan ng aklat ni Ester ang Kalinga ng Diyos sa kanyang bayan, ganoon din nito winawasak ang pagsamba sa katauhan at ang opisyal na larawang likha ng mga makinarya ng diktadura.

- **9.1** Mahirap nating maunawaan na sa ngalan ng

Diyos ginawa ang mga kakila-kilabot na bagay na isinasalaysay sa aklat na ito, lalo na sa kahilingan ni Ester na ipinakikilalang isang babaeng banal.

Sa katunaya’y nasana’y na tayong tingnan ang relihiyon sa Kristiyanong pananaw at para sa atin nangangahulugan ito ng pag-ibig, maging sa mga kaaway; pero napakalayo nito para sa mga taong hindi pa naaabot ng ebanghelyo sa tahasan o di-tahasang paraan. Pag kumbinsido ang mga tao na sila ang

ngunit naganap ang kabaligtaran, at dinurog ng mga Judio ang mga taong naghahangad ng kanilang kapinsalaan. ²Nagkatipon ang mga Judio sa lahat ng kanilang mga lunsod sa lahat ng probinsya ni Haring Asuero, upang sumalakay sa mga nagbalak na lumipol sa kanila. Ngunit walang nangahas lumaban sa kanila, sapagkat kinatakutan sila ng lahat ng sambayanan. ³Tinangkilang ang mga Judio ng lahat ng pinuno ng mga probinsya, ng mga gobernador at tagapangasiwa ng hari, dahil sa takot nila kay Mardoqueo. ⁴Mahalagang tao nga si Mardoqueo sa bahay ng hari at nabantog na sa lahat ng probinsya. At naging lalo pang makapangyarihan si Mardoqueo.

⁵Nilusob ng mga Judio ang kanilang mga kaaway, pinagpapatay sa tabak at ginawa ang gusto nila sa mga iyon. ⁶Sa Susa lamang ay limandaan katao ang napatay nila. ⁷Kabilang sina Parsandata, Dalfon, Aspata, ⁸Porata, Adalia, Aridata, ⁹Parmasta, Arisai, Aridai, at Yezata, ¹⁰ang sampung anak na lalaki ni Aman na anak ni Amedata, na kaaway ng mga Judio. Ngunit hindi sila nanamsam ng ari-arian ng mga kaaway.

¹¹Nang araw ring iyon iniulat sa hari ang bilang ng mga napatay sa napapaderang lunsod ng Susa. ¹²Sinabi naman ng hari kay Ester: "Limandaang tao, kasama ang sampung anak ni Aman, ang napatay ng mga Judio sa Susa lamang. Isipin na lamang kung gaano pa ang nagawa nila sa ibang mga probinsya! Ngunit ipagkakaloob sa iyong muli ang anumang hilingin mo."

¹³Sumagot si Ester: "Kung mamarapatin ng hari, ipahintulot sana sa mga Judio na nasa Susa na maisagawa nila bukas ang ipinag-utos ngayon, at gayunding ibitin sa bibitayan ang sampung anak na lalaki ni Aman."

¹⁴Iniutos ng hari na isakatuparan ang kahilingan ni Ester. Ipinahayag sa Susa ang kautusan, at ibinitin ang bangkay ng sampung anak ni Aman. ¹⁵Muling nagkatipon ang mga Judiong nasa Susa sa ikalabing-apat na araw ng buwan ng Adar at pumatay sila ng tatlong daan pang tao. Ngunit hindi nila sinamsam ang ari-arian ng mga iyon.

¹⁶Nagsipagtipon din ang iba pang mga Judio sa mga probinsya ng hari upang ipagtaggol ang kanilang sarili at lupigin ang kanilang mga kaaway. Pitumpu't limang libo sa kanilang mga kaaway ang napatay, ngunit walang ari-ariang sinamsam. ¹⁷Ito ay noong ikalabintatlong araw ng buwan ng Adar. Sa ikalabing-apat namahinga ang mga Judio at ito'y ginawang isang araw ng pagdiriwang at pagkagalak.

¹⁸Ngunit ang mga Judio sa Susa ay sa ikalabintatlo at ikalabing-apat nagkatipon. Sa ikalabinlima namahinga sila at ang araw na ito ay ginawa nilang isang araw ng pagdiriwang at pagkagalak. ¹⁹Iyan ang dahilan kung bakit ang mga Judio sa mga rural na lugar ay may naiibang araw ng pamamahinga at pagdiriwang: ang ikalabing-apat ng buwan ng Adar kung kailan nagpapadalahan sila ng regalo sa isa't isa.

²⁰Itinala ni Mardoqueo ang mga pangyayaring ito, at nagpadala siya ng mga sulat sa lahat ng Judio sa mga probinsya ng Haring Asuero, malapit o malayo man. ²¹Iniutos na ipagdiwang nila taun-taon ang ikalabing-apat at ikalabinlima ng buwan ng Adar ²²sapagkat ito ang mga araw ng paglupig ng mga Judio sa kanilang mga kaaway at ito ang buwan ng pagiging kagalakan ng kanilang pamimighati. Kaya dapat silang magalak nang may handaan, magpalitan ng mga handog sa isa't isa at magbigay ng tulong sa mga dukha.

²³Itinadhana ng mga Judio na isagawa taun-taon ang ganitong pagdiriwang na sinimulan nang tuparin ayon sa sulat ni Mardoqueo. ²⁴Nagbalak nga si Aman na anak ni Amedata, ang Agagitang kaaway ng mga Judio, na puksain sila at magdaos ng pur o sapalaran ukol sa kanilang ikapapahamak. ²⁵Ngunit sa pagpunta niya sa hari upang ipabitay si Mardoqueo, siya ang nahulog sa kanyang sariling pakana laban sa mga Judio; ipinabitay siya, kasama ng mga anak na lalaki. ²⁶Kaya nga, ang dalawang araw na ito ay tinawag na Purim, batay sa salitang pur. Dahil sa nakasulat na utos sa liham ni Mardoqueo, at dahil pa rin sa kanilang mga nasaksihan at nabalitaan, ²⁷ipinasya ng mga Judio, ng mga

bukod-tanging bayan ng Diyos, mahirap silang pigilan na ipagpilitan ang kanilang Diyos – at ang kanilang sarili – sa iba. Pag hinirang ng Diyos ang isang tao, mahirap para sa kanya na hindi paniwalaang may mga karapatan siyang wala ang iba.

Sa ganito nga nagsimula ang relihiyong Judio nang may panatistismong walang iginagalang na anuman. Sa Genesis 34 naiiskandalo sila dahil ginahasa ng isang lalaking taga-Sikem ang anak na babae ni Jacob ngunit pagkatapos ay itinuring nilang tama na pagpapatayin

nang pataksil ang lahat ng lalaki at agawin ang kanilang mga babae at anak. Sa loob lamang ng grupo pinaiiral ang pagkakaisa, katarungan, kagandahang-asal; walang karapatan ang iba. Bago pa ang panahon ni Jesus, naipangaral na ng mga propeta ang halos lahat ng masasabi tungkol sa Diyos. Pero ang pagkilala sa pag-ibig sa lahat, sa kapwa na kahit sinong malapit sa akin, at sa di-marahas na relihiyon na kahit ang Diyos mismo'y tumatanggap ng pagtanggap, ay mga lihim na ang Anak ng Diyos lamang ang makapagbubunyag sa atin.

salinlahing kasunod nila, at ng lahat ng nakikiisa sa kanila, na ipagdiwang taun-taon nang walang pagliban ang dalawang araw na ito ayon sa sulat na ito at sa petsang itinakda. ²⁸ Sa ganitong paggunita at pagdiriwang ng bawat pamilya sa lahat ng lalawigan at lunsod sa lahat ng mga salinlahi, ang mga araw na ito ng Purim ay hindi kailanman mapapawi sa sambayanang Judio; hindi na makakalimutan ng kanilang lahi.

²⁹ Si Reyna Ester, anak ni Abigail, at ang Judiong si Mardoqueo, ay sumulat na taglay ang buong kapangyarihan upang pagtibayin ang ikalawang sulat tungkol sa Purim. ³⁰ Nagpadala ng sulat ng kapayapaan para sa lahat ng Judiong naninirahan sa sandaan dalawampu't pitong probinsya ng kaharian ni Asuero, ³¹ upang ipagdiwang nila ang mga araw ng Purim sa itinakdang petsa, gaya ng iniutos ng Judiong si Mardoqueo at ni Reyna Ester. Itinakda nga nila ang mga ito para sa kanilang sarili at sa kanilang mga supling, saklaw ang kailangang pag-aayuno at pananaghoy. ³² Pinagtibay ng utos ni Ester, na nakatala sa aklat, ang pagdiriwang ng Purim.

10 ¹ Nagpataw si Haring Asuero ng buwis sa buong imperyo, saklaw ang malalayong pulo. ² Lahat ng kanyang ginawa at lahat ng kanyang kapangyarihan at katapangan, kasama ang buong salaysay ng pagtataas ng hari kay Mardoqueo, ay nakatala sa Aklat ng Kasaysayan ng mga hari ng Media at Persia. ³ Naging pangalawa ng Haring Asuero ang Judiong si Mardoqueo; dakila siya sa paningin ng mga Judio at minamahal ng marami niyang kapatid; hinanap niya ang kabutihan ng kanyang bayan at

hinangad ang kapayapaan sa lahat ng kanyang lahi.

11 ¹ At sinabi ni Mardoqueo: “Galing iyon sa Diyos. ² Nagugunita ko ang aking napanaginip tungkol dito, bagay na natupad na lahat – ³ ang munting bukal na naging ilog, ang liwanag, ang araw at ang bumabahang tubig. Si Ester ang ilog, na pinakasalan ng hari at ginawang reyna. ⁴ Kami ni Aman ang dalawang dragon. ⁵ Ang mga nagkatipon upang puksain ang mga Judio ay ang mga bansa. ⁶ Ang aking bayan ay ang Israel na tumawag sa Diyos at naligtas. Tunay na iniligtas ng Panginoon ang kanyang bayan at hinango sa lahat ng kasamaang ito. Nagsagawa ang Diyos ng mga tanda at dakilang kababalaghan na kailanma’y hindi pa nagaganap sa mga bansa.

⁷ Naghanda ang Diyos ng dalawang hantungan – isa para sa kanyang bayan at isa para sa mga bansa; ⁸ at natupad ang dalawang hantungan sa sandali, sa oras at sa araw na itinakda ng Diyos sa mga bansa. ⁹ Naalaala niya ang kanyang bayan, at binigyan niya ng katarungan ang kanyang pamana. ¹⁰ Kaya sa pagkakatipon nang buong kagalakan sa harap ng Diyos sa ikalabing-apat at ikalabinlima ng buwan ng Adar, ipagdiriwang ng sali’t saling lahi ng Israel ang mga araw na ito.

¹¹ Sa ikapat na taon ng paghahari nina Tolomeo at Cleopatra, si Dositeo na nagsabing siya’y isang pari at isang Levita, kasama ang anak niyang si Tolomeo, ay nagdala sa Ehipto ng sinundang sulat hinggil sa Purim. Pinatunayan nilang totoo ang sulat at isinalin ni Lisimaco, anak ni Tolomeo na taga-Jerusalem.